# DIAGNOSTIC TEST IN ENGLISH 2

Name: ____________________________________________ Date: ____________

**I. A. Direction: Write the letter of the correct category for the given word.**

_____ **1.** Manny Pacquiao a) thing b) animal c) person d) event

_____ **2.** Christmas a) event b) animal c). person d) thing

_____ **3.** Mindoro a) thing b) animal c) place d) event

**B. Direction: Choose the plural form of each of the following nouns. Choose the letter of the correct answer.**

_____**4.** Box a. boxen b. boxes c. boxed d. boxs

_____**5.** Wish a. wishes b. wished c. wishing d. wish

**C. Direction: Choose the letter of the correct answer. Write your answer on the blank.**

_____ **6.** It's 12:00 noon, you met your teacher, what will you say?

a. See you later teacher. c. Goodbye teacher.

b. So long teacher. D. Good afternoon teacher!

_____ **7**. The pupils are inside the classroom. The morning class is about to start, what will the pupils say?

a. Goodbye teacher c. Thank you, teacher

b. Good morning, teacher d. See you later teacher.

**D. Directions: Match and connect the elements of the story. Write the answer on the blank before the number.**

_____ **8.**Tirso, the polite boy. A. Problem

_____ **9.** The janitor found the wallet. B. Character

_____**10**. Nena lost her wallet. C. Solution

II. **A. Direction: Select and write the letter of the word that is a synonym of the given word.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ____ **11. Pretty** | A. happy | B. lovely | C. sorry | D. sad |
| _____**12. Many** | A. Plenty | B. few | C. new | D. old |
| _____**13. Huge** | A. small | B. large | C. long | D. little |
| _____**14. Photo** | A. auto | B. Picture | C. Higher | D. lower |
| _____**15. Neat** | A. clean | B. slow | C. fast | D. dirty |

**B. Direction: Read each sentence. Choose the action word in the sentence. Write the letter of the correct answer.**

______ **16.** Father sweeps the yard. a. father b. sweeps c. yard d. the

______ **17**. Gina scrubs the floor. a. Gina b. the c. floor d. scrubs

**C. Direction: Answer the following questions. Select and write only the letter of the correct answer.**

______**18**. Which of the following words has long /a/ sound?
A. Can B. Cane C. Car D. Cat

______ **19**. Which of the following words has long /i/ sound?
A. Sit B. Sat C. Site D. Sick

______**20**. Which of the following words has a sound of /u/?
A. God B. Good C. Gone D. Gold

**D. Direction: Complete each sentence by choosing the appropriate adjective on the blank. Choose your answer in the box. Write the letter only.**

| | | |
|---|---|---|
| **A. big** | **C. colorful** | **E. beautiful** |
| **B. hot** | **D. favorite** | **F. tall** |

______ **21.** Narra tree is a ______ tree.
______ **22.** Corina is a ______ girl.
______ **23**. SM Megamall is a ______ mall.
______ **24**. Mathematics is my ______ subject.
______ **25.** Do you see a ______ rainbow?
______ 26. The fire is _______.

Read the short story and answer the questions that follow correctly.

Alex lives in the farm. He and his mother plant flowers and vegetables.

27. Who is the main character in the story?
a. Alex b. flowers c. mother d. farm
28. Where does Alex live?
a. in the city b. in town c. in the farm d. in the sea
29. What do Alex and mother plant?
a. flowers b. vegetables c. flowers and vegetables d. fruits
30. What is the story about?
a. Alex who lives in the city.
b. Alex who plants trees.
c. Alex who lives with mother in the farm.
d. Alex who hate plants.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
DIVISION OF SANTA ROSA CITY

# DIAGNOSTIC TEST IN MTB-MLE 2

Pangalan: _______________________________________Petsa: ____________ Iskor: ___________

**I. Panuto: Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

_____. 1. Isang umaga, nasalubong ni Ana ang kanyang guro. Anong pagbati ang nararapat niyang sabihin?

A. Magandang umaga po. B. Magandang hapon po. C. Magandang gabi po.

_____ 2. Mabilis na naglakad si Lito dahil mahuhuli na siya sa klase nang bigla niyang nasagi ang bata. Ano ang dapat niyang sabihin sa bata?

A. Mabuti naman. B. Paumanhin po. C. Kamusta po.

_____ 3. Binigyan ka ng pagkain ng Tiya mo. Ano ang sasabihin mo?

A. Kamusta ka? B. Wala pong anuman C. Maraming salamat po.

_____ 4. Anong salita ang tumutukoy sa ngalan ng lugar o pook?

A. baso B. Luneta C. binata

_____ 5. Ang salitang tsinelas ay ngalan ng _____.

A. bagay B. tao C. Lugar

_____6. Nagdala ng payong si Nena. Ano ang maaaring bunga nito?

A. Nadulas si Nena
B. Hindi siya nabasa ng ulan
C. Tumakbo siya pauwi

_____7. Namatay ang mga halaman ni Lito. Ano ang naging sanhi nito?

A. Hindi niya nadiligan ang mga halaman ng tatlong araw.
B. Hindi niya sinunod ang paglalagay ng abono nito.
C. Hindi pumasok sa paaralan si Rico.

_____ 8. Si Ginang Erlinda B. Garcia ang aming punongguro. Ano ang tamang daglat sa salitang may salungguhit?

A. Gnng. B. Gng. C. Ginng.

_____ 9. Si Engineer Rey Lucas ang tatay ko. Ano ang tamang daglat sa salitang may salungguhit?

A. Enginr. B. Engineer C. Engr.

_____ 10. Si Doctor Ernie Delos Santos ay nasa ospital. Paano ang tamang pagdaglat sa salitangmay salungguhit?

A. Dctr. B. doct. C. Dr.

**II. Panuto: Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong. Isulat ang ititk ng tamang sagot sa patlang.**

Maaga pa ay pumasok na sa *Clinic* niya si Dra. Martha. Sumasakit ang ngipin ng kaniyang inaanak na si Glenn. Titingnan niya kung ano ang dahilan ng pananakit ng ngipin nito. Baka kasi tutubo na ang *wisdom teeth* nito o baka may sira na siyang ngipin.

______ 11. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
A. Dra. Martha at Glenn B. Dra. Martha C. Glenn

______ 12. Saan ang tagpuan ng kuwento?
A. sa Ospital B. sa paaralan C. sa *Clinic*

______ 13. Alin ang hindi pangyayaring naganap sa talata?
A. Sumasakit ang ngipin ni Glenn.
B. Kumain ng maraming tinapay si Glenn.
C. Titingnan ni Dra. Martha ang ngipin ni Glenn.

______ 14. Aling salitang kilos ang naganap na ang nasa talata?
A. sumakit B. papasok C. tutubo

______15. Maaga pa ay ______ na clinic si Dra. Martha. Alin ang wastong salitang kilos na nasa talata?
A. sumakit B. tutubo C. pumasok

______16. Umakyat sa puno ng bayabas si Ivan. Ang salitang kilos na may salungguhit ay:
A. naganap na B. nagaganap pa C. magaganap pa lang

______ 17. Si Lorna ay hindi nakakalimot manalangin bago matulog at pagkagising. Tuwing Linggo siya ay nagsisimba.Siya ay ______.
A. matulungin B. masipag C. makadiyos

______ 18. Ang aking Ina ay nasa bahay lang. Ginagawa niya lahat ng mga gawaing bahay. Siya ay ______.
A. masipag B. matulungin C. makadiyos

______ 19. Aling grupo ng mga salita ang may kambal-katinig?
A. gripo, drama, klase B. araw, bituin, ulap C. baliw, kasoy, bahay

______ 20. Ang baboy ni Tisoy ay mabilog. Alin ang salitang may diptonggo?
A. mabilog B. baboy at Tisoy C. Tisoy at mabilog

**III. Panuto : Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento. Lagyan ito ng bilang 1-5.**

______ 21.Nilagyan niya ng mantika ang kawali.
______ 22. Nilinis at inalis ni nanay ang hasang ng isda.
______ 23. Nang mainit na ang mantika ay inilagay na niya ang isda.
______ 24. Nilagyan niya ng katamtamang asin ang bahagi ng isda.
______ 25 Hinugasan niya itog mabuti
.

**IV.Panuto : Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**

Nagkasakit si Elmer kaya hindi siya nakapasok sa kaniyang klase. Tinawagan niya ang kaniyang kaibigan upang alamin kung ano ang kanilang napag-aralan at kung sila ay may takdang gawain. Si Aling Edna ang nakasagot sa telepono. " Magandang hapon po Aling Edna. Maaari po bang makausap si Norman?" ang sabi nito. " Magandang hapon din naman. Sandali lang at tatawagin ko si Norman," sagot nito sa kaniya. Sinabihan siya ni Norman na nagbalik-aral lamang sila sa kanilang aralin at ibingay sa kaniya kung ano ang kanilang takdang gawain.

______ 26. Sino ang hindi nakapasok sa klase?

A. si Aling Edna B. si Elmer C. si Norman

______ 27. Bakit hindi siya nakapasok?

A. nagkasakit siya B. Tinamad siyang pumasok C. naglaro siya

______ 28. Sino ang tumawag sa telepono?

A. si Elmer B. si Norman C. si Aling Edna

______ 29. Bakit tumawag si Elmer kay Norman?

A. Para alamin ang kanilang napag-aralan.
B. Para alamin ang kanilang takdang gawain
C. Parehong sagot sa a at b.

______ 30. Paano siya nakipag-usap kay Aling Edna?

A. Hinanap niya agad si Norman.
B. Nakipag-usap siya nang magalang.
C. Binabaan niya ng telepono si Aling Edna.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
DIVISION OF SANTA ROSA CITY


**DIAGNOSTIC TEST IN MATHEMATICS 2**

Name: ______________________________________Date: ____________Score: ___________

I. **A.Panuto: Bilangin ang nakalarawan at piliin ang titik ng katumbas na bilang nito.**

_____ **1**. 



A. 402 B. 420 C. 204 D. 240

_____**2**. 


A. 600 B. 700 C. 800 D. 900

_____**3**. 


A. 250 B. 350 C. 450 D. 300

_____ **4**. 


A. 400 B. 500 C. 600 D. 700

_____ **5**. Isulat ang angkop na bilang sa patlang gamit ang expanded form.

912 = 900 + ___ + 2

**B. Paghambingin ang sumusunod na bilang gamit ang >, <, at =**

_____ **6**. 945 ___ 954

_____ **7**. 505 ___ 505

**C. Isulat ang nawawalang bilang sa patlang para maging tama ang mathematical sentence.**

_____ **8.** 345 + ____ = 345

_____ **9**. 120 + 200 = 320; 200 + ___ = 320

_____ **10**. 6 + ( 9 + 8 ) = 23

6 + ___ = 23

**II. Panuto: Basahin ang sumusunod na suliranin. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nng bawat suliranin. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.**

Si Gng. Lopez ay bumili ng bulaklak para sa kaarawan ng kanyang anak na nagkakahalaga ng Php 600.00. Binigyan niya ng Php 1,000.00 ang may-ari ng bulaklak. Magkano ang kanyang sukli?

_____ **11**. Ano ang itinatanong ng suliranin?

A. Halaga ng bulaklak
B. Sukli ni Gng. Lopez
C. Halagang ibinayad sa bulaklak

_____ **12.** Ano ang mga datos na inihayag sa suliranin?

A. Php 600.00 B. Php 1,000.00 at Php 600.00 C. Php 1,000.00

Si Bb. Cruz ay bumili ng Php 150.00 na saging na lakatan at Php 120.00 na saging na saba.Nagbayad siya ng Ph 500.00 sa tinder. Magkano ang sukli niya?

_____ **13**. Ano ang tinatanong ng suliranin?

A. Bilang ng saging
B. Halaga ng saging
C. Halaga nng sukli niya

_____ **14**. Ano-ano ang mga datos na naihayag sa suliranin?

A. Php 150.00 at Php 120.00
B. Php 150.00
C. Php 120.00

Si Dino ay namitas ng pinya sa kanilang sakahan. Sa unang sakahan ay nakapitas siya ng 750 piraso at 980 piraso sa panglawang sakahan. Ibinenta niya ang 570 piraso. Ilang pinya ang natira?

_____ **15**. Ano ang tinatanong ng suliranin?

A. Bilang ngn pinya na nakuha sa unang sakahan
B. Bilang ng pinya na nakuha sa pangalawang sakahan
C. Bilang ng natirang pinya

______ **16**. Ano-ano ang mga datos na naihayag sa suliranin?

A. 750 pirasong pinya
B. 750 at 980 napitas na pinya at 570 pirasong nabentang pinya
C. 750 pirasong pinyang napitas sa unang sakahan at 980 pirasong pinyang napitas sa pangalawang sakahan.

Ang aklat sa Agham ay may 468 pahina. Si Jonathan ay nakabasa ng 169 pahina. Ilang pahina pa ang kanyang dapat basahin?

______ **17**. Ano ang tinatanong sa suliranin?

A. Bilang ng pahina ng aklat sa Agham

B. Bilang ng pahina ng aklat na dapat basahin
C. Bilang ng pahina ng aklat na nabasa ni Jonathan

______ **18**. Ano ang mga datos na naihayag sa suliranin?
A. 169 pahina B. 468 pahina C. 468 at 169 pahina

Sa isang parkeay mayroong 285 punungkahoy. 156 ng mga ito ay bungangkahoy. Ilang puno ang hindi bungangkahoy?

______ **19**. Ano ang tinatanong sa suliranin?
A. Bilang ng bungangkahoy
B. Bilang ng punungkahoy
C. Bilang ng punungkahoy at bungangkahoy

_______ **20**. Ano ang mga datos na naihayag sa suliranin?
A. 285 punungkahoy B. 156 bungangkahoy C. 285 punungkahoy at 156 bungangkahoy

**III.A. Piliin ang wastong katumbas na halaga ng mga sumusunod na simbolo.**

______ **21.** tatlumpu’t limang piso
A. 30c B. P35 C. 53c

______ **22**. dalawampu’t limang piso
A. P20 B. 27c C. P25


______ **23**.. limampung piso at tatlumpung sentimo
A. P50.30c B. P50 C. P5.3c


**B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.**

______ **24.** 10 ÷ 90 A. 9 B. 8 C. 7
______ **25**. 15 ÷ 5 A. 4 B. 2 C. 3

**IV.A. Sagutin ang mga sumusunod. Bilugan ang letra ng wastongsagot**.

______ **26.** Si Ana ay natutulg sa ganap na ikawalo ng gabi. Alin sa mga analog clock sa ibaba ang nagpapakita ng oras ng pagtulog ni Ana?

A.  B.  C.  D. 

______ **27.**  Ano ang oras na ipinakikita sa larawan?

A. 12:15 B. 3:00 C. 5:30 D. 8:00

**B.Isulat sa patlang ang oras na ipinakikita sa bawat bilang.**

**28.**  __________ **29.**  _____________**30.** 

_____________

**DIAGNOSTIC TEST IN EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 2**

Pangalan: ____________________________________Petsa: ____________ Iskor: ___________

I. **A. Panuto : Isulat ang T kung tama at M kung mali ang sumusunod na pahayag.**

_____ 1. Tumulong sa iba sa pagguhit kung marunong ka nito.
_____ 2. Himukin ang ibang umawit upang masubok ang kakayahan nila.
_____ 3. Sumali sa "dance troupe" kung marunong sumayaw.
_____ 4. Sumubok sa audition kung mahusay ka sa larangan ng pag-arte.
_____ 5. May pagsasanay sa pag-aayos ng bulaklak sa plasa. Mahilig ka ditto kaya lumahok ka sa pagsasanay.

**B.Panuto : Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung mali.**

_____ 6.Masaya ako kapag nakapagtatanghal ako sa aming palatuntunan.
_____ 7. Ayokong sumali sa mga palatuntunan sapagkat nahihiya akong ipakita ang aking talento.
_____ 8. Tutulungan kong mapaunlad ang talento ng aking kamag-aaral nang buong kasiyahan.
_____ 9. Pinasasalamatan ko ang taong natutuwa sa aking kaalaman.
_____ 10. Magiging mayabang ako dahil alam kong may natatangi akong talento.

**II. A. Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang tsek (√) kung ito ay nagpapakita ng paggalang at ekis (X) naman kung hindi.**

___ 11. Inaaway ko ang aking katabi sa upuan kapag di nakatingin ang aking guro.
___ 12. Binabati ko ng 'magandang umaga" ang punungguro ng aming paaralan sa tuwing siya ay nakakasalubong ko.
___ 13. Tinatawag ko sa palayaw ang guro namin kapag nasa labas siya ng paaralan.
___ 14. Humihingi ako ng paumanhin sa aking mga kalaro kapag ako ay nagkakamali.
___ 15. Inihahagis ko sa tindera ang aking bayad sa biniling pagkain sa kantina.

**B. Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**

_____. 16. Nakita ni Noli na inaagawan ng laruan ang kanyang kaibigan. Alin sa mga sumusunod ang nararapat gawin ni Noli?
A.Tulungan ang mga bata sa pag-agaw ng laruan.
B. Awatin ang mga batang nang-aagaw ng laruan.
C.Huwag pansinin ang mga batang nang-aagaw ng laruan.

_____ 17. Hindi naunawaan ng katulong nina Lulu ang kanyang sinasabi kung kaya't hindi siya pinansin nito. Ano ang nararapat gawin ni Lulu?
A. Sisigawan ang katulong

B. Pagagalitan ang katulong
C. Ulitin ang sinasabi nang may paggalang.

______ 18. Naglilinis ng silid-aralan ang mga kaklase ni Aya. Ano ang nararapat gawin ni Aya?
A. Magtatago B. Maglalaro C. Tutulong sa paglilinis

______ 19. Araw ng pagsusulit. Walang lapis ang katabi ni Marlon. Alin sa mga sumusunod ang dapat gawin ni Marlon?
A. Pagalitan ang kamag-aral na walang lapis.
B. Sabihan ang kamag-aral na bumili ng lapis.
C. Pahiramin ang kamag-aral ng lapis.

______20. Oras na ng uwian. Umuulan. Walang dalang payong ang kaibigan ni Lito. Alin sa mga sumusunod ang nararapat gawin ni Lito?
A. Pagtataguan ang kaibigan
B. Iiwanan ang kaibigan
C. Isusukob sa payong ang kaibigan.

**III.A. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**

______ 21. Ano ang nararapat mong gawin sa mga biyayang tinatanggap mo?
A. Ipagdadamot B. Itatago C. Ipagyayabang D. Ibabahagi sa iba.

______ 22. Isang umaga, naghihintay ka ng dyip sa isang kanto patungo sa paaralan. May nakasabay kang isang batang pilay na naghihintay din ng sasakyan. Ano ang gagawin mo?
A. Uunahan ko siyang sumakay ng dyip.
B. Titingnan ko siya kung paano siya sumakay.
C. Aalalayan ko siya sa kanyang pagsakay.
D. Pagtatawanan ko ang kanyang pagsakay

______ 23. Kararating mo lang sa inyong bahay galing sa paaralan. Gutom na gutom ka dahil hindi ka nagmeryenda. Nakita mong nakahanda na ang hapag-kainan para sa hapunan. Ano ang gagawin mo?
A. Uupo ka at kakain agad.
B. Magtatago ako ng pagkain.
C. Hihintayin mong makumpleto kayo bago kumain.
D. Titikman ko ang mga pagkain habang naghihintay sa ibang kasapi ng pamilya.

______ 24. Tuwing gabi matapos mong gawin ang takdang aralin, nakakaramdam ka ng antok. Ano ang gagawin mo?

A. Aalisin ko ang mga gamit sa study table at doon na ako matutulog.
B. Pupunta ako sa sala at doon muna ako matutulog.
C. Matutulog na ako sa study table.
D. Pupunta ako sa kuwarto at magdarasal bago matulog.

______ 25. Isang umaga, may pumuntang mga pinuno ng barangay sa inyong paaralan. Nanghihingi sila ng tulong para sa mga biktima ng bagyo. Ano ang gagawin mo?

A. Hindi ako magbibigay ng tulong dahil mababawasan ang aking baon.
B. Magtatago ako para hindi ako hingan ng tulong.
C. Magbibigay ako ng tulong kahit mabawasan ang aking baon.
D. Manghihingi ako sa aking kamag-aral para hindi mabawasan ang aking baon.

______ 26. Ano ang dapat gawin pagkagising bago magsimula ng anumang gawain bilang pasasalamat sa Panginoon sa magandang umaga at panibagong buhay?

A. kakain B. maglalaro C. maliligo D. magdarasal

______ 27. Linggo. Pangiling araw ng mga Katoliko. Ano ang nararapat nilang gawin?

A. Mamasyal B. Magsimba C. Magpiknik D. Mag-outing

______ 28. Kanino dapat higit na magpasalamat para sa mga biyayang natatanggap araw-araw?

A. Sa guro B. Sa magulang C. Sa kaibigan D. Sa Panginoon

______ 29. Ano ang nararapat gawin sa mga biyayang natatanggap sa araw-araw?

A. Ipagpasalamat sa Panginoon
B. Ipagwalang-bahala
C. Ipamigay
D. Itago

______ 30. Tayo ay may mga biyayang tinatanggap araw-araw. Ano ang dapat gawin sa biyayang ito?

A. Ingatan
B. Pahalagahan
C. Ingatan at pahalagahan
D. Ipagwalang-bahala

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
DIVISION OF SANTA ROSA CITY

**DIAGNOSTIC TEST IN FILIPINO 2**

Pangalan: ______________________________________Petsa: ____________ Iskor: ___________

**I. A. Panuto : Basahing mabuti ang mga salita sa Hanay A at piliin ang kasintunog nito sa Hanay B.**

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| _____ 1. | Bata | ( tuta, buko, baso ) |
| ______ 2. | Abogado | ( abaka, abokado, doktor ) |
| ______ 3. | Kalaro | ( baro, kalapati, tupa ) |
| ______ 4. | Kaibigan | ( balikan, dahon, magulang ) |
| ______ 5. | Nanay | ( tubero, nars, tinapay ) |

**B.Panuto : Tukuyin ang kategorya ng pangkat ng mga pangngalan sa bawat bilang. Isulat ang A kung tao, B kung hayop, C kung bagay at D kung pook o lugar.**

_____ 6. parke, silid, bukid

_____ 7. ibon, baka, kalabaw

_____ 8. lapis, papel, bag


_____ 9. sombrero, kamera, telepono

_____ 10. lolo, guro, ate

**II. A. Panuto : Tingnan ang larawan. Punan ng wastong pantig ang mga patlang upang mabuo ang ngalan ng bawat isa. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.**



**11.** ____ging A. ra B. sa C. as



**12.**_____pana A. kam B. dam C. Ram

**B. Panuto : Piliin ang panghalip na panao na angkop sa pangngalang may salungguhit. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.**

______ **13.** <u>Ang guro</u> ay pipili ng lalahok sa paligsahan.

A. Ako B. Siya C. Ikaw

_____ **14.** "Ilang taon ka na, <u>Bel</u>?" tanong ng guro. " ____ ay pitong taong gulang na", sagot ni Bel.

A. Ako B. Siya C. Ikaw

_____ **15.** "_____ ba ay sasali sa paligsahan?" tanong ng guro kay <u>Bel</u>.

A. Ikaw B. Ako C. Siya

_____ **16.** Mataas ang nakuha _____ sa pagsusulit.

A. siya B. niya C. iyo

_____ **17.** _____ ang aking guro sa Filipino.

A. Ka B. Mo C. Siya

_____**1 8.** Alin sa mga sumusunod na salita ang may kambal katinig dr?

A. Dama B. Dram C. Darna

_____**1 9.** Mahilig si nanay manood ng _____.

A. drama B. dram C. droga

_____ **20.**Ang tubig sa ______ ay mapupuno na.

A. drama B. dram C. Droga

**III. A. Panuto : Pakinggang mabuti ang talatang babasahin ko. Sagutin ang mga tanong ukol dito. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.**

Ang magkapatid na Ruel at Joel ay masayang nagtungo sa tabing dagat. Mainit ang araw noon. Gumawa sila ng maliit na kastilyong buhangin. Nanguha sila ng kabibe na iba't iba ang laki, kulay at hugis. Ganoon na lang ang gulat nila nangn biglang lumaki ang alon. Kumaripas sila ng takbo.

_____ 21. Sino ang nagpunta sa tabing dagat?

A. Sina Ruel B. Sina Rosa C. Sina Ruel at Joel

_____ 22. Bakit sila nagulat?

A. Uminit ang sikat ng araw.
B. Lumaki ang alon sa dagat.
C. Nasira ang kastilyong buhangin.

_____ 23. Kung kayo sina Ruel at Joel , ano ang gagawin ninyo kung lumaki ang alon sa dagat?

A. Lalangoy palayo sa dagat.
B. Matutuwa sa alon.
C. Kakaripas ng takbo palayo.

**B. Panuto : Isulat ang pandiwa sa aspektong panghinaharap.**

( magtanim ) 24. . __________ kami ng gulay sa probinsiya sa susunod na buwan.

( masira ) 25. __________ ang mga ngipin mo kapag hindi ka nagsepilyo.
( magdasal ) 26. Mamayang gabi __________ ka ha?
( kumain ) 27. _________ ka naman ng gulay mamaya dahil puro karne ang kinain mo ngayon.
( umalis ) 28. ______ ang mga kamag-anak naming sa Linggo.

**C. Panuto : Basahin ang bawat pangungusap at sipiin ang salitang may diptonggo.**





___________ 29. Ang buhay ng tao ay mahiwaga.
___________ 30. Dilaw ang hinog na mangga.

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
DIVISION OF SANTA ROSA CITY

**DIAGNOSTIC TEST IN ARALING PANLIPUNAN 2**

Pangalan: ______________________________________ Petsa: ____________ Iskor: ___________

I. **A. Panuto:** Hanapin sa hanay **B**ang sagisag na tinutukoy sa hanay **A**. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

| **Hanay A** | | **Hanay B** |
|---|---|---|
| _____1.Paaralan | A. |  |
| _____2..Ospital | B. |  |
| _____3..Palengke | C. |  |
| _____4. Plasa | D. |  |
| ______5.Bahayan | E. |  |

**B. Panuto**: **Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang tamang sagot.**

_____ 6. Gumagawa ng batas, alituntunin at patakaran para sa kabutihan at kaunlaran ng komunidad.
A. Pamahalaan B. Health Center C. Pamilihan

_____ 7. Nagbibigay ng libreng gamut at bakuna sa mga mamamayan.
A. Health Center B. Pamilya C. Paaralan


_____ 8. Nangangaral at nagtuturo ng mabuting asal sa mga bata.
A. Simbahan B. Paaralan C. Pamilya

_____ 9. Nagbibigay ng dekalidad ng edukasyon para sa lahat.
A. Pamilihan B. Paaralan C. Pamilya

______ 10. Nagbibigay ng wasto at sapat na pagkain, tirahan at pananamit.

A. Paaralan B. Pamahalaan C.Pamilya

**II. Pag-aralan ang mapa ng isang komunidad. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**




______ 11. Kung nasa timog ka at gusto mong pumunta sa palaruan, saang bahagi ka pupunta?

A. Sa Timog B. sa Silangan C. Kanluran D. Hilaga

______ 12. Saang bahagi matatagpuan ang simbahan?

A. Timog Kanluran B. Hilaga C. Silangan D. Hilagang Silangan

______ 13. Galling ka sa inyong bahay, ikaw ay papasok sa paaralan. Saang bahagi ka pupunta?

A. Hilaga B. Kanluran C. Timog D. Silangan

______ 14. Saang bahagi ng komunidad matatagpuan ang inyong bahay?

A. Timog B. Kanluran C. Silangan D. Hilaga

______ 15. Saang bahagi matatagpuan ang himpilan ng pulisya?

A. Timog B. Kanluran C. Silangan D. Hilaga

**III. A. Panuto Piliin ang titik ng tamang sagot.**

_____ 16. Ito ang pinakamalaking anyong tubig.

A. ilog B. sapa C. karagatan

_____ 17. Ito ay maliit na anyong tubig na napapaligiran ng lupa.

A. look B. lawa C. dagat

_____ 18. Isang uri ng anyong lupa na higit na mababa kaysa sa bundok.

A.burol B. bundok C. bulkan

_____ 19. Ito ay pantay at malawak na anyong lupa.

A.lambak B. bundok C. kapatagan

_____ 20. Mataas na anyong lupa na pumuputok.

A. talampas B. bulkan C. Pulo

_____ 21. Ito ay ipinagdiriwang tuwing Mayo 1 bilang pagbibigay pugay sa mga manggagawa.

A. Bagong Tao B. Araw ng mga Bayani C. Araw ng mga Manggagawa

_____ 22. Kailan ipinagdiriwang ang kaarawan ng ating tagapagligtas na si Hesukristo?

A. Enero 1 B. Disyembre 25 C. Mayo 1

_____ 23. . Ito ay araw nang paghahandog ng bulaklak at pagtitirik ng kandila sa mga mahal sa buhay.

A. Mahal na Araw B. Araw ng mga Patay C. Santakrusan

_____24. Kailan ipinagdiriwang ang Araw ng Kalayaan?

A. Pebrero 25 B. Hulyo 12 C. Disyembre 25

_____ 25. Ito ay isinasagawa bilang pagdiriwang ng kapistahan ng Sto. Niño saAklan.

A. Ati-atihan B. Ramadan C. Hariraya Puasa

_____ 26. Dapat na gumastos ng tama upang magkasya ang kinikita ng pamilya.

A. tama B. mali C. marahil

_____ 27. Kung walang hanapbuhay ang magulang, ano ang magiging epekto nito sa pamumuhay ng pamilya?

A. Hindi matutugunan ang pangangailangan ng pamilya.

B. Hindi matutugunan ang pag-aaral ng mga anak.

C. Lahat ay maaaring mangyari.

_____ 28. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing pangangailangan ng mag-anak?

A. sasakyan B. *cellphone* C. pagkain, damit, tahanan

_____ 29. Matutugunan ang pangangailangan ng pamilya kung _________.

A. 4-6 anak B. 6-8 anak C. 1-3 anak

_____ 30. Kung ang bawat tao sa komunidad ay may hanapbuhay ___________.

A. mabilis ang pag-unlad ng komunidad.

B. walang magiging suliranin ang namumuno dito.

C. lahat ng nabanggit.

**DIAGNOSTIC TEST IN   MAPEH2**

Pangalan: _____________________________________Petsa: ____________Iskor: ___________

**I.MUSIC: Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa patlang ang tamang sagot.**

_____ 1. Ito ang tunog na nagmumula sa tren.
A. Boom, boom, boom    B. Klang, klang, klang    C. tsug, tsug, tsug

_____ 2. Tunog na nagmumula sa huni ng ibon.
A. Moo, moo, moo    B. twit, twit, twit    C. oink, oink, oink

______ 3. Tunog na nalilikha sa pagtugtog ng tambol.
A. Ting! Ting! Ting!    B. Takatak! Takatak    C. boom, boom,

_____ 4. Tunog na nalilikha sa pagtugtog ng piano.
A. Kleng! Kleng! Kleng!    B. Tang! Tang! Tang!    C. Tsik! Tsik! Tsik!

_____ 5. Boses na ginagamit sa pakikipag-usap.
A. Speaking voice    B. Singing voice    C. Loud voice

_____ 6. Boses na ginagamit sa pag-awit.
A. Loud voice    B. Speaking voice    C. Singing voice

_____ 7. Alin ang ginagamitan ng singing voice?
A. Lupang Hinirang
B. Panatang Makabayan
C. Panunumpa sa watawat ng Pilipinas

_____ 8. Ang mga tono ng iskala ay binibuo ng _____ na tono.
A. 5    B. 5    C. 8

_____ 9. Ang *do* sa ibaba ng iskala ang may _____ na tono.
A.mataas    B. mababa    C. Pinakamababa

_____ 10. Sa music, ang  ay tinatawag na quarter rest. Ano ang ipinahihiwatig nito?
A. kanta    B. pahinga o tahimik    C. Tunog

**II.ARTS: Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

_____ 11. 8. Ito ay man-made na bagay na ginagamit sa paglilimbag.
A. Gulay    B. Foam    C. Dahon

_____ 12. Gamit na pangkulay sa paglilimbag.
A. Water Color    B. Chalk    C. Uling

_____ 13. Ginagamit sa paggawa ng pangtatak na letra.
A. Bato    B. Clay    C. Patatas

_____ 14. Ginagamit sa paggawa ng pangtatak na hugis.
A. Kamote    B. Papel    C. Foam

_____ 15. Ito ay maaaring gamitin sa paglilimbag.
A. Karne    B. Gulay    C. Isda

**IV.P.E.: Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

_____ 16. Uri ng kilos na umaalis sa puwesto.
A. Lokomotor    B. di-lokomotor    C. Kilos

_____ 17. Kilos na umaalis sa puwesto o kinatatayuan.
A. Lokomotor    B. di-lokomotor    C. kilos

______ 18. Isa as halimbawa ng lokomotor na kilos.

A. takbo B. pag-unat C. pagbaluktot

______ 19. Ito ay kilos na di-lokomotor.

A. lakad B. pagkandirit C. pag-unat

______ 20. . Alin ang tamang posisyon sa pagsalo ng bola?

A. tumingin sa bola habang nakabaluktot ang tuhod at ang mga kamay ay sa harap ng katawan
B. nakabaluktot ang tuhod habang nakalagay ang kamay sa likod
C. nakaunat ang kamay at tuhod

______ 21. Bakit mahalagang matutuhan ang tamang paghagis at pagsalo ng bola?

A. ito'y magagamit sa mga larong may bola
B. upang maiwasan ang disgrasya habang naglalaro
C. lahat ng nabanggit

______ 22. Sa kilos na paghagis, pagsalo at pagtakbo, anong bahagi ng gating katawan ang napauunlad?

A. ulo at binti B. katawan at braso C. braso at binti

______ 23. Alin sa sumusunod ang nagsasabi ng tamang pagpulot ng bagay?

A. ibaluktot ang tuhod habang nakatingin sa dadamputing bagay
B. gamitin ang paa sa paghila ng bagay bago damputin ang bagay
C. baluktutin ang baywang habang kapwa nakadiretso ang mga binti

______ 24. Ito ay laro na ginagamitan ng bola at bat. Ang isang manlalaro ay tatakbo sa homebase. Ano ito?

A. basketball B. volleyball C. baseball

______ 25. Ito ay laro na ginagamitan ng bola at net. Ano ito?

A. volleyball B. jack and stone C. Sipa

**IV. HEALTH: Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.**

______ 26. Ito ay sintomas na ang isang bata ay nakakain o nakainom ng maruming pagkain o tubig.

**A.** pagsakit ng tiyan at pagsusuka.
**B.** pagkakaroon ng matataas na marka.
**C.** pagiging masigla.

______ 27. Ang mga sumusunod ay dapat gawin upang makaiwas sa sakit maliban sa isa.

**A.** Hugasan ng mabuti ang mga prutas at gulay bago kainin.
**B.** Maghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain.
**C.** Itapon ang mga basura kung saan-saan.

______ 28. Ano ang dapat gawin sa mga prutas at gulay bago kainin upang makaiwas sa sakit?

**A.** Hugasan ang mga ito ng mabuti.
**B.** Balatan bago kainin.
**C.** Ilagay sa loob ng plastic o basket.

______ 29. Maligo ng 3 beses sa isang lingo.

A. Tama B. Mali C. Marahil

______ 30. Dapat purgahin ang mga batang may parasitikong bulate sa tiyan.

**A.** Tama B. Mali C. Marahil